









Batang Asno

Eselbarnet

-  Lindiwe Matshikiza
-  Meghan Judge
-  Karla Comanda
-  tagalog / bokmål
-  nivå 3

(uten bilder)






Isang batang babae ang unang nakakita ng
kakaibang hugis mula sa malayo.

...


Det var ei lita jente som først så den mystiske
skikkelsen i det fjerne.



Habang papalapit nang papalapit ang hugis,
nakita niyang isa itong babaeng nagdadalang-
tao.

...


Etter hvert som skikkelsen kom nærmere, så hun
at det var en høygravid kvinne.



Mahiyain pero matapang, lumapit ang batang babae sa babaeng nagdadalang-tao. “Kailangan natin siyang panatilihin dito,” napagdesisyunan ng mga kababayan ng batang babae. “Aalagaan natin ang ina at anak.”

...


Sjenert, men modig gikk den lille jenta nærmere kvinnen. “Vi må beholde henne her hos oss”, bestemte de som var med den lille jenta. “Vi skal beskytte henne og barnet hennes.”



Sa madaling panahon ay lumabas din ang bata.
“Tulak pa!” “Kumot!” “Tubig!” “Kaunti na
laaaaannnnnggg!”

...


Barnet var snart på vei. “Trykk!” “Hent pledd!”
“Vann!” “Tryyyykk!”



Ngunit nasindak ang lahat nang lumabas ang
sanggol. "Isang asno?!"

...


Men da de fikk se babyen, vek alle tilbake i sjokk.
"Et esel?"



Nagsimulang mag-away ang lahat, “Sinabi nating aalagaan natin ang ang ina at anak, at iyon ang gagawin natin,” sabi ng iba. “Pero magdadala ito ng kamalasan sa atin!” sabi ng iba.

...


Alle sammen begynte å krangle. “Vi sa vi skulle beskytte mor og barn, og det skal vi gjøre”, sa noen. “Men de kommer til å bringe ulykke!” sa andre.



At muli ay mag-isa na naman ang babae. Inisip niya kung ano ang gagawin sa kanyang bardagol na anak. Inisip niya kung ano ang gagawin sa sarili niya.

...


Og slik var det at kvinnen ble alene igjen. Hun lurte på hva hun skulle gjøre med dette rare barnet. Hun lurte på hva hun skulle gjøre med seg selv.



Pero sa huli ay tinanggap niya na anak niya ang asno at siya ang ina nito.

...


Men til slutt godtok hun at han var hennes barn og at hun var moren hans.



Ngayon, kung hindi nagbago ang batang ito at nanatiling maliit, marahil ay iba ang lahat. Pero lumaki nang lumaki ang batang asno hanggang sa hindi na ito makarga sa likod ng kanyang ina. At kahit anong gawin niya, hindi nito kayang magpakatao. Madalas ay nararamdaman ng kanyang ina ang kapaguran at pagkabigo. Minsan ay pinagagawa niya rito ang mga gawaing pang-hayop.

...


Hvis bare barnet hadde beholdt den lille størrelsen, hadde alt kanskje vært annerledes. Men eselbarnet vokste og vokste helt til han ikke lenger fikk plass på morens rygg. Og uansett hvor hardt han forsøkte, klarte han ikke å oppføre seg som et menneske. Moren hans var ofte sliten og frustrert. Noen ganger satte hun ham til å gjøre arbeid som var ment for dyr.



Unti-unting umiral ang pagkalito at galit kay Asno. Hindi siya puwedeng gumawa ng ganito at ganyan. Hindi siya puwedeng maging ganito at ganyan. Isang araw, tinadyakan niya ang kanyang ina sa sobrang galit.

...


Esel ble fylt av forvirring og sinne. Han kunne ikke gjøre ditt og han kunne ikke gjøre datt. Han kunne ikke være på én måte og han kunne ikke være på en annen måte. Han ble så sint at han en dag sparket ned huset til moren sin.



Nakaramdam ng pagkahiya si Asno. Tumakbo siya ng napakabilis para tumakas.

...


Esel skammet seg. Han begynte å løpe vekk så fort han kunne.



Gabi na nang tumigil siya sa pagtakbo, at nawala siya. “Hi haw?” bulong niya sa kadiliman. “Hi Haw?” ulyaw nito. Mag-isa siya. Niyakap niya ang sarili niya na parang bolang mahigpit, at nakatulog siya ng mahimbing at maligalig.

...


Når han hadde sluttet å løpe, var det blitt kveld, og Esel hadde gått seg vill. “Hi ha”, hvisket han inn i mørket. “Hi ha?” lød ekkoet. Han var alene. Han krøket seg sammen til en liten ball og falt i en dyp og forstyrret søvn.



Nagising si Asno at nakita ang isang kakaibang matandang lalake na nakatitig sa kanya. Tumingin siya sa mga mata nito at nakaramdam ng pag-asa.

...


Esel våknet opp til en merkelig gammel mann som stirret ned på ham. Han så inn i den gamle mannens øyne og begynte å kjenne et snev av håp.



Nakituloy si Asno sa matandang lalake na siyang nagturo sa kanya ng iba't ibang paraan para mamuhay. Nakinig at natuto si Asno, at gayundin naman ang matandang lalake. Nagtulungan sila, at nagtawanan sila.

...


Esel dro for å bo med den gamle mannen, som lærte ham mange forskjellige måter å overleve på. Esel lyttet og lærte, og det gjorde den gamle mannen også. De hjalp hverandre og de lo sammen.



Isang umaga, nakiusap ang matandang lalake na dalhin siya ni Asno sa tuktok ng isang bundok.

...


En morgen ba den gamle mannen Esel om å bære ham opp til toppen av et fjell.



Nakatulog sila sa itaas ng bundok, kapantay ang mga ulap. Napanaginipan ni Asno na may sakit ang kanyang ina at nananawagan ito. At nang magising siya...

...

Høyt oppe blant skyene sovnet de. Esel drømte at moren hans var syk og ropte på ham. Og da han våknet ...



...nawala na ang mga ulap kasama ng kanyang kaibigan, ang matandang lalake.

...


... hadde skyene forsvunnet, i likhet med vennen hans, den gamle mannen.



Alam na ni Asno kung ano ang dapat gawin.

...


Esel visste omsider hva han skulle gjøre.



Nakita ni Asno ang kanyang ina, nag-iisa at naglulukxa para kanyang nawawalang anak. Matagal silang tumitig sa isa't isa. At pagkatapos ay nagyakapan sila nang nakapahigpit.

...

Esel fant moren sin som var alene, og sørget over tapet av barnet sitt. De stirret på hverandre lenge. Og så klemte de hverandre veldig hardt.



Ang batang asno at ang kanyang ina ay tumanda nang magkasama at nakahanap ng maraming paraan para mamuhay nang magkaagapay. Unti-unting pumalagay ang mga pamilya sa paligid nila.

...

Eselbarnet og moren hans har utviklet seg i fellesskap og funnet mange måter å leve side ved side. Sakte men sikkert har andre familier begynt å slå seg ned rundt dem.



Barnebøker for Norge

barneboker.no

Batang Asno

Eselbarnet

Skrevet av: Lindiwe Matshikiza

Illustret av: Meghan Judge

Oversatt av: Karla Comanda (tl), Espen Stranger-Johannessen (nb)

Denne fortellingen kommer fra African Storybook (africanstorybook.org) og er videreformidlet av Barnebøker for Norge (barneboker.no), som tilbyr barnebøker på mange språk som snakkes i Norge.

Dette verket er lisensiert under en Creative Commons

[Navngivelse 4.0 Internasjonal Lisens](https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/).